

Kay Axel Pinpin,
sa paglulunsad ng kanyang libro ng mga tula

ni Gelacio Guillermo

May tula si W.H Auden ng England na may ganitong mga linya:

Walang silbi ang panulaan.

Ito'y isang gawi ng pagsasabi, isang bunganga.

Sinulat ito makaraang talikuran niya ang kanyang gawain bilang kabataang makatang boluntir sa International Brigade laban sa pasismo ni Franco ng Espana noong dekada trenta.

Sinisipi man o hindi, ang mga linyang ito ang nagsisilbing pagmamamawid-matwiran ng maraming makata sa mundo ng kanilang "bunganga," bungangang unibersal, pormalistiko, walang laway ng partikular na panahon o lugar. Sa madaling salita, hindi piligroso ang tula sa lipunan dahil ito ay isang bunganga nga lamang. Ang debalwasyon/reduksyon ng tula ay pinatutunayan sa isang engkwentro sa London noong 1981 ni Epifanio San Juan sa isang editor ng *Index*, magasin para sa depensa ng malayang pamamahayag. Hiniling ni San Juan na bigyang-puwang ang panawagan para sa pagpapalaya kay Jose Ma. Sison na noo'y isang bilanggong pulitikal. Ang tugon ng editor, na muli nating narinig nitong Abril mula sa Davao, bagamat may karampatang pagpapartikular, patungkol naman kay Axel Pinpin, ay: "Hindi siya nabilanggo dahil sa kanyang sulatin kundi dahil siya ay isang partisanong rebolusyonaryo, organisador ng armadong pakikibaka."

Hindi dininig ng editor ang paggigiit ni San Juan ng kahit na ilusyong burgis ng "total integrated person": si Sison bilang makata at rebolusyonaryo ay isa.

Nagaganap ang debalwasyon/reduksyong ito bunga ng beletristikong pagtingin sa tula na sinusukat batay sa kinalburong canon ng akademya, na naglalayo ng tula sa madla. Sa Estados Unidos, halimbawa, itinuturing nang best seller ang isang libro ng tula kung makapagtinda ng 30 kopya sa loob ng ilang taon, at ang sinisisi ng mga makatang karamiha'y nakakumpul sa unibersidad ay ang madla.

Higit pa rito ay ang paghihiwalay ng tula (bungangang walang katawan, walang bayograpia) at ng makata, na walang iba kundi isang tao anuman ang kasarian, kabilang sa anumang uring panlipunan, anuman ang gulang, at nabubuhay at kumikilos sa isang partikular na lugar at panahon.

Tunay, sa rebolusyonaryong kilusan ay walang tinatawag na MAKATA nang walang kwalipikasyon. Ang sinumang kumikilos ay tinataguriang kadre o aktibista sa pangunahin, at kung siya ri'y makata, may angkin siyang kasanayang magagamit at mapapaunlad para sa pagpapakatag ng paninindigan sa pagkilos niya, ng kanyang mga kasama, at ng masa. Kaya nga sa pagtukoy sa makatang nasa kilusan, ang titulong "makata" (sapagkat ito ay iginagawad), ay ginigitlingan, tulad sa kadre-makata o aktibista-makata. Ganito rin naman sa akademya: propesor-makata o makata-propesor, depende sa kung ano ang mas kapakipakinabang para sa nagsusweldo at sa tumatanggap ng sweldo. Para sa kilusan, ang nagbibigay-kahulugan at halaga ng trabaho ng makata ay ang pagkilos niya bilang rebolusyonaryo.

Sinabi na ito ni Mao Zedong, na maling sobrang palobohin ang papel ng tula o ng sining at panitikan sa rebolusyon, mali rin na ito'y maliitin. Para kay Aime Cesaire, rebolusyonyong makata ng Mozambique at pumanaw ngayong taon, ang rebolusyon ay hindi umiinog sa awit (na isang anyo ng tula) kundi ito ang umiinog sa rebolusyon.

Ano ang kapalaran ng panulaan ng makatang tinalikuran ang kanyang pagkarebolusyonyo? Sinagot ito sa isang tulang nalimbag sa *Ulos* noong 1997. Sang-ayon dito:

Ang isang makata ay kasintibay ng kanyang salita
Ang kanyang tula ay singhusay ng kanyang pandama
Ang kanyang akda ay awit lamang ng kanyang diwa
Ng kanyang paninindigan para sa kung ano ang tama

Kung ang paninindigan para sa masa ay sukdang mawala
Kung tatalikdan ang mga prinsipyo at paniniwala
Kung bibitiwan ang proletaryong rebolusyonyong adhika
Talino sa pananalita't pagtutula'y mawawalang bisa.

.....

("Paalala kay Madlangbayan" ni Celso Sinag)

Bago matigatig ang ating kalooban, gawaran natin ng masigabong palakpakan si Axel Pinpin ! Kalalabas pa lang mula sa karsel ng Camp Vicente Lim, kalalabas pa lang ng koleksyon ng kanyang mga tula, ay narito't sumasagsag na naman sa kampanya para sa hustisya.

Ang kanyang aklat ay panandang-bato ng isang kabataang kumikilos para sa bayan. Narito sa koleksyon ang kanyang pagkilos bilang kasapi ng Katipunan ng mga Magsasaka sa Kabite, ang pakikibaka ng Tagaytay 5 bilang mga bilanggong pulitikal sa loob ng mahigit dalawang taon; narito ang lenggwahe ng Kabite, ang tulang "Unang Gabi ng Interogasyon," isang *tour de force*, isang katangi-tanging tulang sang-iglap na inisip at buo ang loob na binigkas sa gitna ng kagipitan at panganib; narito ang tulang "Tagpuan" na kung paninindigan ni Axel ay isa na nga sa pinakamahuhusay na tulang pambayan sa buong mundo.

Pinagpapakahulugan ko ang isang linya sa tula ni Kerima Tariman: Hayaang likhain ng tula ang makatang rebolusyonyo!

Tumbasan natin ang "karasutso ng barya-baryang parirala" ni Axel Pinpin ng kalansing at pithaya nating lahat para sa paglaya ng ating bayan.